

# 1

Nakahinga nang maluwa si Joey matapos igala ang tingin sa arrival area ng airport. Wala siyang nakitang pamilyar na mukha sa paligid. Ang ibig sabihin niyon, hindi totoo ang nabalitaan niyang magbabalik-Pilipinas ang ‘blue eyes’ na iyon. Ligtas siya sa matalas nitong mga mata... at ligtas din ang damdamin niya.

Trusted man iyon ng papa niyang si Joseph Villacruz. She was named after her father, proof that she was his only princess. ‘Josephine’ ang pangalan niya pero ‘Joey’ ang kanyang palayaw para sa lahat. At isang tao lamang ang tumatawag sa kanya ng ‘Josephine’ o kaya naman ay ‘stubborn princess’, iyon ay walang iba kundi ang mala-higanteng trusted man ng ama, ang blue-eyed na si Zean McLarren.

Hindi niya alam kung saang lupalop ng Amerika napulot ng papa niya ang Fil-Am na iyon. Basta ang natatandaan ni Joey, nineteen years old siya noon nang una niya itong nakita sa bakuran ng villa nila sa *La Vinta Island*. Apat na taon na halos ang lumipas, pero tandang-tanda niya pa rin ang eksenang iyon...

*“Yaya Cora?” Sa marahang kilos ay lumabas si Joey*

mula sa kabahayan. May ilang oras na siyang naglalagi sa verandah at nakamasid sa ibaba. Maliwanag ang buwan noon kaya naaliw siyang pagmasdan ang bakuran ng villa mula sa kinaroroonan niya.

Natigilan siya nang mapansing tila may taong nakaupo sa madilim na bahagi ng garden. Pero sino? Bukod sa katiwala nilang si Mang Honorio na asawa ng yaya niya, at sa isa pang kawaksi ay wala nang ibang tao sa villa. Imposibleng si Mang Honorio ang nakita niyang iyon dahil parang... parang malaking bulto ang nakaupo sa Bermuda grass, sa lilim ng mga ornamental plants.

Walang sagot mula sa taong tinawag niya. Itatanong sana niya sa kanyang yaya kung si Mang Honorio ang taong nakita niya.

Napatingin siya sa wristwatch; pasado alas nueve na pala ng gabi. Marahil ay tulog na ang mga kasambahay. Itinuloy na lamang niya ang paglakad palabas ng villa.

Pagkatapos ng dalawang hakbang ay napatigil siya at bahagyang kinabahan. Hindi kaya masamang-loob ang taong iyon? Pero imposible. Remote controlled ang gate ng villa. Kaagad tutunog ang alarm sa loob kung sakaling may magpipilit pumasok nang walang pahintulot ng mga civilian guards nila sa labas.

*My Jealous Bodyguard - Aira Felicity*

---

*At alam niya rin na kung hindi siya ligtas sa isla ay nunca siyang papayagan ng papa niya na roon gugulin ang bakasyon.*

*Maingat ang mga hakbang na itinuloy ni Joey ang naantalang paglakad patungo sa kinaroroonan ng malaking bulto. Nagtaka siya nang makita niyang tila walang anumang palatandaan na may tao sa bahagi ng garden na sadya niya. Kusang huminto ang mga hakbang niya. Sigurado siyang may tao roon kanina!*

*Nakaawang ang mga labing nagsimula siyang umurong pabalik sa pinto. Nag-umpisa na siyang kabahan. Paano nagawang tumalilis ng taong nakita niya sa maikling oras na nalingat siya? At bakit hindi niya ito napansin?*

*May sa pusa, anang isip niya. Napasinghap siya nang mamatay ang maliwanag na ilaw na tumatanglaw sa buong garden. Ang natira na lamang ay ang malalamlam na bombilya sa paligid na iba-iba ang kulay. Iyon ang iniwan ng mga kawaksi na bukas magdamag.*

*Binilisan niya ang pag-urong pabalik sa kabahayan habang palinga-linga sa paligid. Eksaktong nasa balkonahe na si Joey nang pumihit siya—upang mapahiyaw lamang sa gulat nang matagpuan niya ang isang malaking bulto ng tao sa mismong likuran niya.*

*My Jealous Bodyguard - Aira Felicity*

---

Dahil maliwanag ang ilaw sa balkonahe, kitang-kita ni Joey ang anyo nito. Una niyang napansin ang di-pangkaraniwang tangkad nito. Five feet seven inches siya pero nakayuko pa rin ito sa kanya!

*And his eyes...*

*“You... you have blue eyes...”* Gusto niyang kastiguhin ang sarili na iyon pa ang nanulas sa mga labi niya. Ang dapat sana ay nagsisigaw na siya at humingi ng saklolo dahil may nakapasok na estranghero sa loob ng villa, pero hindi. Heto siya, tinititigan ang lalaki. At hindi niya maintindihan kung bakit tila siya nalulunod sa titig ng asul nitong mga mata.

*“Get inside,”* mariing utos nito na nagpakurap sa kanya. Inuutusan siya sa sarili nilang pamamahay?

*“Who... who are you?”* kunot-noo niyang tanong.

Sa halip na sumagot ay walang sabi-sabing inabot nito ang braso niya at para siyang batang iginiya sa kabahayan.

*“Hey, wait!”* protesta ni Joey at marahas na binawi ang braso. *“Sino ka ba, ha? Ano’ng karapatan mong utus-utusan ako at pasunurin na para bang pag-aari mo ang buong isla?”*

*Natigilan siya sandali; Amerikano nga pala ito*

*My Jealous Bodyguard - Aira Felicity*

---

base sa anyo kaya malamang hindi siya naintindihan. Pero nang gumalaw ang sulok ng mga labi nito habang hinahagod ng tingin ang kanyang mukha ay natiyak niyang naintindihan nito ang mga sinabi niya.

Hindi pa rin ito umimik; tinalikuran siya upang isara ang main door. Napamaang siya rito nang tuluyan nang mapansin niyang nasa palad nito ang bungkos ng mga susi. Ibig sabihin, hindi estranghero ang lalaking ito...

“Go to your room and sleep,” pantay na utos nito at akmang lalampasan na siya, pero naagapan niyang pigilan ang braso nito. Ikinagulat niyang tila siya napaso sa balat ng lalaki, ngunit hindi niya binawi ang kamay. Niyuko nito ang sariling braso kung saan siya nakahawak bago itinuon ang tingin sa mukha niya.

Nakalimutan na naman niya ang itatanong nang magtama ang mga mata nila. Hindi niya alam kung anong mahika mayroon ang asul nitong mga mata para matulala siya.

“What?” pukaw nitong nagpapatlag sa kanya. “You’re looking at me as if you want to be kissed.”

Napalunok si Joey, nag-init ang kanyang mga pisngi. Iglap siyang bumitaw sa braso nito. “Nagandahan lang ako sa mga mata mo,” sagot niya nang makabawi;

*itinaas ang mukha out of pride. "Why would I kiss a blue-eyed stranger? Hindi ako isang kiss-starved girl, Blue-eyes!" Wala siyang maisip na itawag dito dahil hindi niya naman kilala kaya iyon na lang.*

*Nahigit niya ang paghinga nang ngumiti ito. His smile was exceptionally gorgeous... and sexy. Tila ang mga labi nito ay nag-iimbita ng halik habang nakangiti. Sinaway niya ang sarili.*

*"My name's Zean, princess. And from now on, you are my responsibility."*

*"Huh?"*

*"Ipinadala ako ni Joseph para... well, samahan ka. And here's the bad news: sa ayaw at sa gusto mo, sa lahat ng pupuntahan mo ay kasama ako. Nasabi na ng papa mo sa akin na matigas ang ulo mo at parati mong tinatakan ang mga former bodyguards mo para bumili lang ng fishballs sa kalye, manood ng sine mag-isa at magmotersiklo na parang mad woman. I tell you, princess, hindi mo magagawa sa akin ang mga ginawa mo sa kanila. I won't let you. Hindi ko hahayaang masira ang tiwala sa akin ng ama mo dahil lang sa katigasan ng ulo mo. Trust me, I can tame down even terrorists, so don't test my patience."*

*So bago pala itong tauhan ng papa niya? Gusto*

niyang ngumiti. Ang mga nauna niyang bodyguards ay nagawan niya ng paraan; napaalis ni Joey nang walang kahirap-hirap. Ang tanging ginawa niya ay takasan ang mga ito. At kapag nalaman ng papa niya na nakapuslit siya, nawawalan ang mga ito ng trabaho.

*She hated bodyguards. Pakiramdam niya kasi ay hindi siya normal kapag may mga bubuntot-buntot sa kanya. Hindi siya malaya tulad ng iba.*

*Nginitian niya ito. “You’re my new tail?”*

*“Yes, princess,” sarkastikong sagot nito bago humakbang ng isa palapit sa kanya. Hindi niya alam kung bakit siya napaurong. “Unfortunately, I’m the tail that hurts—like those of crocodiles. If it hit you, you’re gonna bleed, my dear.” At malinaw niyang nabasa sa mga mata nito ang damdaming kaalinsabay ng bantang iyon.*

*Matagal na siya nitong iniwan ay nakatulala pa rin siya.*

*“Why the rush, princess?” Pamilyar na tinig ang pumutol sa pagdaloy ng alaala at nagpahinto sa malalaki niyang hakbang palabas ng airport.*

*Pamilyar ang sumikdong kaba sa dibdib niya. For a moment, Joey was stunned. Hindi niya alam kung*

lilingon ba siya o itutuloy ang paghakbang.

“Welcome back, Josephine Villacruz,” sabi nito, tila nang-aalaska pa ang tono. Bigla niya itong nilingon. There, she found the man she adored and hated at the same time, Zean McLarren. Nakasandal ito sa isang sulok, nakasuot ng tattered jeans, worn-out shirt ang pang-itaas at nakasampay sa isang balikang denim jacket.

Tumawa ito nang makitang umasim ang mukha niya. “I know you missed me badly,” nang-aasar pang dugtong ng lalaki na gusto na niya itong hambalusin ng maleta niya.

Kumukulo talaga ang dugo niya kapag naaalala niyang hindi umubra rito ang pagiging stubborn niya noon. Natatandaan niyang lahat ng mga ginawa niya para mapalayas ito ay ikinagalit lamang ng ama. Hindi siya nakalusot sa kahigpitan ng binata; mas mahigpit pa nga kaysa sa papa niya at kampi lagi rito ang huli.

Kaya naisip niyang sundin na lamang si Zean. Nagkaroon sila ng isang harmonious relationship. And soon, she realized, she was falling for him. She had tried everything to make him notice her as a woman, but she failed.



## *My Jealous Bodyguard - Aira Felicity*

---

Kaya naisip niyang magtapat na lamang ng damdamin niya. Noon iyon, bago ang engagement ng kaibigan niyang si Van sa mahal nitong si Mina. Subalit rejection ang tinamo niya mula kay Zean. At mula noon, iniwasan na siya nito.

Dahil labis siyang nasaktan, pinilit ni Joey ang ama na sa ibang bansa na lamang niya itutuloy ang natitira niyang taon sa kolehiyo. Doon ay pumayag ito na wala siyang bodyguard.

At ngayon, pagkatapos ng halos apat na taon ay nagbabalik-Pilipinas na siya. She was holding a business degree now.

*And I'm over him*, dugtong niya sa isip. Pero nang matuon sa asul nitong mga mata ang tingin niya, pumintig nang malakas ang kanyang puso. Hindi niya gusto ang pintig na iyon. Dapat ay wala na iyon. Wala na sa dibdib niya...

---

“Josephine, hey!” Humabol si Zean nang mabilis niya itong lampasan. Tatawagin na sana niya ang isa sa mga taxi na nakaparada nang haklitin nito ang braso niya. Kahit anong piglas niya ay hindi siya nito binitiwang. “Ako ang sundo mo,” pantay nitong sabi at sapilitan siyang isinakay sa passenger seat ng kotse

nila.

“Bakit ba buhay ka pa, Zean!” Sa labis na inis ay iyon ang naibulalas ni Joey. Ang alam niya, matapos siyang umalis ng bansa ay iniwan na rin nito ang Pilipinas. Kaya inaasahan niyang sa pagbabalik niyang ito ay wala kahit ang anino nito.

Tama pala si Gracia, ang kawaksi nilang source niya ng impormasyon tungkol sa Pilipinas—aksidente raw na narinig nito na kausap ng papa niya si Zean sa telepono, pinababalik nito sa bansa ang binata.

Sigurado siyang dahil iyon sa pagbabalik niya ng bansa. Bakit ba hindi matanggihan ni Zean ang kanyang ama?

“Masamang damo ako kaya mahaba ang life span ko,” tila nang-aasar pang sagot nito.

Napaungol siya sa inis. Ibinunton na lamang niya sa seat belt ang nagpupuyos na damdamin. Ang totoo, mas naiinis siya sa sarili—dahil sa kabila ng lumipas na mga taon, naapektuhan pa rin siya ng presence nito.

Naghari ang katahimikan sa loob ng sasakyan.

Dinagdagan nito ang speed ng kotse. “Any stories to tell? Kumusta ka na?”

Inirapan niya ito bilang sagot. Tumawa ito na lalo niyang ikinairita. “Bakit ba hindi ka na lang maglaho sa paningin ko, Zean? Nang sa ganoon ay matahimik na ako.”

“Ibig sabihin, natutuliro ang sistema mo kapag nasa tabi mo ako?” Nagbabanta sa labi ng kausap ang isang ngiti. At nang bahagya siyang sulyapan ay malinaw niyang nabasa ang amusement sa mga mata nito.

Hindi alam ni Joey kung ano ang nangyari sa loob ng mga taong lumipas para mabago ang pakikitungo nito sa kanya. Sa uri ng pagsalubong nito sa kanya ngayon, mukhang wala na itong balak na iwasan siya tulad noon.

Dahil ba sa tingin nito ay lumipas na ang damdamin niya rito?

*Bakit, hindi pa ba, Joey? May Raphael ka na...*

Gustong mamasa ng mga mata niya sa nakakapang sagot sa sulok ng dibdib. Bakit ganoon? Ang akala niya...

“I hate you, Zean!” naibulalas niya. “Bakit ba nagbalik ka pa?”

Walang sagot. Bumaling siya rito, blangko ang

mukha nito sa anumang uri ng emosyon.

“I know that, Joey,” mababang sabi nito. “At naiintindihan kita.”

Katahimikan muli.

“Hanggang ngayon ba galit ka pa rin sa akin?”

“Oh, yes! I hate you. I hate you up to this very moment...” At namamasa ang mga mata ni Joey nang inilayo niya ang tingin.

“Sorry, I hurt you then.”

“Sorry?” sarkastiko niyang ulit. “Masyado na yatang huli ’yan, Zean.” Natatandaan niyang walang kahit anong reaksyon ang mukha nito nang magtapat siya noon. Wala itong anumang sinabi, may ilang segundo lamang siyang tinitigan pagkatapos ay walang salita na itong umalis. At iniwasan na siya nang sumunod na mga araw na para bang may nakakahawa siyang sakit.

At nang sa tingin niya ay wala na talaga siyang pag-asa, pinasok niya ito isang gabi sa silid nito. She tried kissing him—and she was rejected for the second time. Pakiramdam ni Joey ay napakapangit niya sa paningin nito.

“Hindi pa huli dahil galit ka pa rin sa akin...”

*My Jealous Bodyguard - Aira Felicity*

---

Mabilis niyang pinahid ang luhang hindi niya napigilang tumulo sa mga pisngi niya. “If you really mean it, magrekomenda ka ng kapalit mo kay Papa. Hindi ko na tatakasan ang bago kong bodyguard. Ayoko lang na ikaw ’yon. I... I don’t want you beside me, Zean,” matatag niyang turan, pero hindi rin siya sigurado roon dahil ramdam niya pa rin ang tila magneto na humahatak sa kanya palapit sa binata.

“Walang problema. Sabihin mo ‘yan kay Joseph. Kapag siya ang nag-utos na umalis ako, I’m out of here in seconds.”

## 2

Mahigpit na yakap ang salubong sa kanya ng amang si Joseph. “Finally, you’re back, princess.” Mariin siya nitong hinagkan sa buhok. Noon ay nasa marangyang sala na sila ng Villacruz mansion sa isang exclusive subdivision sa Taguig.

“I won’t stay here for long. Gusto kong sa isla magpahinga, Pa. I missed you, doon na muna tayo ng ilang linggo. Sige na, oh?” Naglalambing na niyapos niya ito nang mas mahigpit.

Napabuntong-hininga ang ginoo. “I want to, but—”

Napabusangot na kumawala siya sa yakap nito.

“Negosyo na naman,” may hinampong sabi niya. “Lagi naman, eh.” At nagtatampong tinalikuran na niya ito. Tinawag niya ang kawaksi nila para iakyat ang mga gamit niya sa silid.

“Joey!”

Hindi na niya nilingon ang ama. Noon at ngayon, ganoon pa rin; lagi itong abala. Nakakasawa na na ibang tao ang nasa tabi niya at nagpaparamdam ng

pagpapahalaga sa kanya. Si Cora, ang yaya niya na para na niyang ina dahil ito ang palagi niyang kasama mula noong magkaisip siya. Isang taon pa lamang siya nang mamatay ang kanyang ina.

Bukod sa yaya, mga kasambahay, drivers at guards; ang mga ito lamang ang nakakausap niya nang mas matagal.

At si Zean noon...

Napalingon siya kay Joseph nang sumagi sa kanyang isip ang binata. May sasabihin nga pala siya rito ukol sa bodyguard.

“Pupunta na lang akong mag-isa sa *La Vinta*, Papa... *alone*.” Pinagdiinan niya ang huling salita.

“Hindi mo kailangang mag-isa. Nariyan si Zean—”

“Ayokong makasama si Zean!” agap ni Joey sa malakas na boses; wala siyang pakialam kung noon ay pumapasok na ang binata sa kabahayan at naririnig siya nito. “If you want, kumuha kayo ng kahit sino, basta... basta hindi siya.” Nahagod niya ang kanyang buhok.

“Base sa sinabi mo, mas gusto kong siya ang kasama mo.” Naglakad na palabas ng bahay ang

ama habang tinatawag ang pangalan ng driver nila. Naikuyom naman ng dalaga ang kamay dahil sa nagpupuyos na kalooban.

“Zean, samahan mo sa kung saan mang lupalop ng lupa nais magpunta ni Joey!” Tila iniinis pa siya ng ama. Siguro dahil alam nitong ang binatang bodyguard lamang ang nakagagawang supilin at kontrolin siya tulad noon.

Nang dumako kay Zean ang mga mata niya, nakita niyang napangiti ito; tila nasisiyahang nabigo siya sa pagpapaalis dito. Gustong magtagis ng mga ngipin niya. Padabog na lamang niyang itinuloy ang mga hakbang paakyat ng hagdanan.

Nasa tapat na siya ng pinto ng silid nang matigilan siya. May sumagi sa utak niya; tama ang naisip niyang iyon. Kung hindi niya magagawang itaboy si Zean, bakit hindi na lamang niya gamitin ang mga sandaling magkasama sila para gantihan ito sa ginawang pananakit sa kanya noon?

Hindi na siya ang dating Joey—ngayon ay alam na niyang gamitin nang tama ang physical assets niya. And she’s wiser now. Sisiguruhin niyang triple ng sakit na naramdaman niya noon ang sakit na ipalalapas niya kay Zean.



Paiibigin niya ito... pagkatapos ay iiwan niya at kay Raphael siya magpapakasal. Isang buwan pa lamang niyang nobyo ang huli na planong sumunod sa kanya sa bansa pagkatapos ng isang linggo. May mga tinatapos pa itong seminars sa kasalukuyan.

---

Napapabuntong-hininga si Joey habang tinatanaw ang papalayong chopper na naghatid sa kanila ni Zean sa *La Vinta Island*.

Napabusangot siya nang makitang malayo na ang agwat sa kanya ng kasama. Bitbit nito ang mga gamit niya. Mabuti pa ang mga bagahe ay tila ayaw nitong bitiwang samantalang nakalimutan na yata nito ang presence niya. Paano ba niya paiibigin ang lalaking ito kung ganitong wala man lamang epekto rito ang ganda niya?

Huminto siya sa paghakbang at itinuon ang mga mata sa dagat.

Napakatahimik ng paligid. Ang bughaw na tubig ay tila nakikiramdam din sa tunog ng mga dahong inililipad ng hangin at sa nagkakasiyahang mga ibon.

Napangiti si Joey nang makita ang malaking bato, iyon ang paborito niyang lugar sa dalampasigan. Umuupo siya sa ibabaw niyon habang pinapanood ang

sunrise. At sa umaga pagkagising niya, nagpapanggap siyang bagong gising na sirena na nagkukubli sa malaking bato na iyon at kinukunan niya ng larawan ang sarili.

Lumapad ang kanyang ngiti nang maalala niyang dala niya hanggang sa Amerika ang mga larawang iyon.

Tinakbo niya ang batuhan. Napangiwi siya nang sa unang attempt ay hindi siya nakaakyat doon kaagad. Tinanggal niya ang sagabal na doll shoes.

Binati niya ang sarili nang sa wakas ay nasa itaas na siya ng malaking bato. Mabilis niyang inilabas mula sa bulsa ang cellphone niya at sunud-sunod na kinunan ang sarili. Nasa maleta niya kasi ang paborito niyang camera at bitbit iyon ni Zean.

“Ano’ng ginagawa mo?”

Hindi niya namalayang bumalik pala ang kanyang bodyguard. Nagulat siya sa boses nito kaya bigla ang paglingon niya. Siguro dahil ilang taong na rin ang lumipas, hindi na niya kabisado ang bato. Napasigaw na siya nang mawalan siya ng balanse at mahulog.

Awtomatiko naman ang response ni Zean, naagapan nitong saluhin siya. Nagtama ang mga

mata nila nang nasa bisig na siya nito. Hindi niya akalain na naroon pa rin ang pakiramdam niyang tila nalulunod kapag nakatitig siya sa asul nitong mga mata.

“Nahulog ang cellphone ko, Zean. Sa Japan ko pa binili ’yon,” naapuhap niyang sabihin na ikinatawa nito. Ibinaba siya nito at nang maayos na ang tayo niya ay binitawan siya at pinulot mula sa buhangin ang cellphone na nabitawan niya. Iniabot nito iyon sa kanya. Salamat na lamang at hindi nag-shutdown ang aparato.

Napasinghap si Joey nang bigla na lamang hawakan ng malalaki nitong kamay ang maliit niyang baywang. Bago pa siya nakahuma ay umangat na ang mga paa niya sa buhanginan. On instinct, mahigpit siyang napahawak sa mga balikat nito—at noon niya naramdamang nakaupo na siya sa malaking bato. Binuhat siya ni Zean para iupo muli roon.

“Halatang na-miss mo ang lugar na ito,” komento ng lalaki habang inaayos ang pagkakapuwesto niya sa bato. Pagkatapos ay lumayo na ito, sumandal na lamang sa gilid ng bato at tumanaw rin sa dagat.

Natahimik sila pareho.

Siya rin ang hindi nakatiis matapos ang ilang

minuto niyang pagmamasid dito. “Zean?”

“Yeah?”

“Ano’ng ginawa mo sa loob ng mga taong lumipas?”

Ngumiti ito nang bumaling sa kanya, pati ang asul na mga mata ay ngumiti sa kanya. Nahigit na naman niya ang paghinga. Inignora niya iyon.

“Wala masyado. Ang totoo, hindi ko nga namalayang taon na pala ang lumipas mula nang iwan ko ang islang ito at ang bansa.”

“Kumusta ka na?”

Lumapad ang ngiti ni Zean, tila nasisiyahang nagtatanong siya. “I’m glad you asked, princess. Okay naman ako. Ikaw?”

Hindi siya sumagot, tinitigan niya lamang ito. Mayamaya ay may naisip siyang gawin habang panatag ang pagkakasandal nito sa bato. Umusod siya palapit dito. Ngayon na niya sisimulan ang plano niya.

“Na-miss kita,” aniyang nakangiti. Akmang babaling ito sa kanya nang yumapos siya rito mula sa likuran. “Dahil na-miss kita, ipasan mo ako, Zean!”

“Josephine!” protesta nito pero natatawa naman. Hindi alintana ng malaking katawan nito ang bigat niya.

“Nagbago na ang isip ko. Siguro nga tama si Papa, mas magandang ikaw ang ‘tail’ ko!” At hinigpitan pa niya ang yapos sa leeg ng lalaki.

“All right,” tila napilitang sang-ayon na lamang nito. “Hanggang saan mo ako parurusahan?” Pinasan siya nito palayo sa bato at naglakad sa dalampasigan. “Ilang pounds ka na ba?” usisa nito habang pasulyap-sulyap sa dagat habang naglalakad.

“Bakit, bumigat ako?”

“Ang naalala ko noong binubuhat kita para ilipat sa kama kapag nakakatulog ka sa couch, sing-gaan ka lang ng dahon.”

“At ngayon?”

“Parang binuhat ko ’yong bato!”

Nagkatawanan sila.

Pakiramdam ng dalaga ay nagbalik siya sa nakaraan—noong hindi pa siya nagtatapat ng damdamin dito, noong hindi pa siya nito iniwasan.

Sinakop na naman ng pait ang kanyang puso.

Dagli niyang ipinilig ang ulo upang itaboy ang mga isiping may kaugnayan sa nakaraan.

Itinaas na lamang niya ang kamay na may hawak sa cellphone at kinunan nang paulit-ulit ang mukha nilang dalawa. Sinabayan naman ni Zean ang trip niya, nagpa-cute din ito sa camera.

“Obsessed ka pa rin pala sa sarili mong mukha,” komento nito nang sa wakas ay matapos siya. “Hobby mo pa ring kuhanan ng picture ang sarili mo.”

“Gusto ko ng maraming ebidensya—na goddess of beauty ako!” saad niyang kasunod ang tawa. Ang lakas ng halakhak ni Zean. Pareho rin silang natahimik mayamaya.

Binagalan nito ang mga hakbang.

“Saan ba kita dadalhin?” usisa nito.

“Sa palasyo mo?”

“Sa ilalim ng dagat ang palasyo ko.”

“Sireno ka?”

“Syokoy po.”

Nagkatawanan silang muli. “Sige na, sabihin mo na kung saan kita dadalhin.”

“Pagod ka na?”

“Hindi pa naman. Napapansin ko lang na ilang metro na lang ay nasa buhanginan na tayo ng *Pacific Ocean*.”

Hinampas niya ito nang malamya sa balikat.  
“OA ka!”

Tumawa si Zean at huminto na sa paghakbang. Humarap ito sa karagatan at ilang segundong nagmasid sa tahimik na tubig.

Mayamaya ay walang salita rin itong naglakad pabalik sa batuhang iniwan nila. Nang naroon na ay inilapag na siya nito sa malaking bato. Akmang lalayo ito sa kanya, ngunit naudlot iyon nang padaanan niya ng palad ang noo at sintido nito. Natigilang napatingin ito sa kanya. Ngumiti siya; inosenteng ngiting alam niyang pamilyar ito.

“Pinawisan ka sa bigat ko,” kaswal niyang sabi.

Napatitig ito sa kanya, mayamaya ay ngumiti.

“Four years and you’re still you...”

Lumapad ang ngiti niya. Alam niya ang ibig nitong sabihin—siya pa rin ang dating Joey na walang kamuwang-muwang sa pag-ibig noon. Ang Joey na hindi lamang isang beses nitong tinanggihan.

*Sige, Zean, 'yan nga ang isipin mo, sa isip niya habang nakangiti pa ring tinutuyo ang pawis nito gamit ang palad. Hindi siya nakatingin sa mga mata nito dahil alam niyang talo siya roon. Soon, ang babaeng ito rin ang magpaparamdam sa 'yo ng tunay na kahulugan ng sakit at rejection.*

Tumuloy sa ilang hibla ng bangs nito ang mga daliri niya. “I missed your hair,” aniyang nasa mga hibla ang buong atensyon. “Ang gandang tingnan kapag inililipad ng hangin. Pero mas handsome ka n’ong wala kang buhok!”

Naaaliw na tumawa ito. “Yan ba ang natutunan mo sa Amerika? Ang mambola?”

“Nagsasabi ako ng totoo!” depensa ng dalaga. Hindi pa yata makakalusot ang plano niya. Parang hindi man lang ito naaapektuhan.

“Ang mabuti pa, umuwi na tayo bago pa kita paniwalaan, Joey!” Akmang lalayo na ito nang tawagin niya.

“Ibaba mo ako!” malambing niyang utos at inilahad ang mga braso. Napailing ito pero bumalik naman. Kaswal nitong inabot ang baywang niya. Tumawa siya at yumapos dito. Hanggang nasa buhangin na ang mga paa niya ay nanatili siyang



nakayakap dito.

Tila tuod na walang kakilos-kilos ang lalaki. Sinadya niyang idikit pa lalo ang katawan dito. She was determined to let him feel she was every inch a woman. Kung noon ay duda pa siya sa taglay niyang charm bilang babae, ngayon ay mulat na siya roon sa tulong ng mga kaibigan niya sa Amerika. Patunay noon ay ang mga kaklase niya na nag-uunahang makasama siya sa dates. Maging ang ilang kilalang modelo at mga negosyante na nakasalamuha niya sa mga parties noon ay kinakitaan niya rin ng interes sa kanya.

Kaya hindi siya naniniwalang sa pagbabalik niyang ito at sa mga ginagawa niya ay hindi maaapektuhan si Zean. Alam niyang tulad din ito ng karaniwang lalaki na nadadarang din sa ganda ng isang Eva.

“Joey...” Gusto niyang magdiwang nang magsalita ito sa tila nahihirapang tono. Dumistansya ito, nahuli pa niya ang paglunok nito. Binati niya ang sarili. Ngayon niya napatunayang hindi talaga ito immune sa kanya.

Kaswal siyang bumitaw at tumingala rito. Gusto niyang isipin nito na hindi siya aware sa ginagawa niya; that she was still the innocent Joey he rejected

then.

“Tara na sa villa!” Patakbo na siyang lumayo. “Ay, ang shoes ko nga pala!” natatawa pang saad ng dalaga nang muling balikan ang tinutukoy.

Wala na siyang anumang narinig mula rito.

---

Tangan ang baso ng fresh juice, nilapitan ni Joey si Zean na nakatayo sa verandah. Ang totoo, kanina pang bumaba siya matapos ang ilang oras na tulog sa silid niya at nagtungo siya sa garden para magpalipas ng oras ay natanaw na niyang naroon ito. Ugali na talaga nitong doon pagmasdan ang paligid ng villa kahit noon pa.

Nagpalipas pa siya ng ilang oras bago pumasok at naghanda upang lumangoy sa pool. Sinadya niyang daanan ito roon bago muling bumaba para sa second phase ng plano niya.

Sa ilalim ng pink niyang roba ay two-piece bikini na lamang. At sinadya niya talagang huwag ibuhol ang roba nang sa ganoon sa bawat hakbang niya ay bahagyang makikita ng binata ang nais niyang makita nito—that she was one irresistible woman.

“Zean?” Lumingon ito at huling-huli niya ang

ginawa nitong paghagod sa kabuuan niya na tila hindi napigilang gawin. Muli rin nitong ibinalik sa mukha niya ang tingin mayamaya. Siya naman ang nagkaproblema nang magtama ang mga mata nila. Para siyang napailalim sa isang malakas na hipnotismo. Mabuti na lamang ay nagbawi ito ng tingin.

“Magsu-swimming ka?”

“Yeah,” tugon ni Joey at nginitian ito. “Baka gusto mo pa akong bantayan sa pool?”

“Hindi na. Tatanawin na lang kita. Para sakaling malunod ka, masasagip kita kaagad.” Ibinalik na nito ang tingin sa bakuran.

“Okay,” aniya. Sapat na ang nakita niyang reaksiyon nito kanina. Tagumpay ang second phase ng plano niya.

Magaan ang mga hakbang niya habang bumababa ng hagdanan hanggang makarating sa gilid ng swimming pool. Kaagad siyang nag-dive sa tubig matapos hubarin ang roba. Pinagod niya ang sarili sa pabalik-balik na paglangoy.

Nagpahinga siya nang ilang sandali sa gilid ng pool. Pasimple siyang lumusong muli sa tubig nang matanawan niyang tila papunta sa pool si Zean.

Lumangoy siya nang pabalik-balik, walang kapaguran. At nang matiyak niyang sa kinaroroonan nga niya ang tungo nito ay nagpanggap siyang nalulunod.

Tinakbo ng lalaki ang pool at kaagad nag-dive sa tubig. Tuloy-tuloy ito sa ilalim at nang naroon na ay mapuwersang niyapos ang baywang niya at dinala siya sa ibabaw. Pinaupo siya nito sa gilid ng pool.

“Are you okay?” Malinaw na pag-aalala ang nabasa niya sa mga mata nito.

Na-guilty siya sa ginawa; hindi siya makasagot. Tila lalo naman itong nag-alala nang manahimik siya. Umangat ang isang kamay ni Zean at hinagod ang buhok niya.

“Magsalita ka.” Tinuyo pa nito ang tubig sa mukha niya gamit ang palad.

Napalunok si Joey. Gusto niya ang init na hatid ng palad nito sa pisngi niya.

Muli nitong hinagod ang buhok niya na para bang nais siyang ipanatag. Napatitig siya sa mga mata nito. At nang salubungin ang tingin niya ng titig nitong noon pa man ay nagpapahina na sa kanya ay walang salitang iniwan niya ito. Mabilis niyang isinuot ang roba at lakad-takbong umakyat patungo sa silid niya.

*My Jealous Bodyguard - Aira Felicity*

---

Hindi niya nagustuhan ang natuklasan sa sarili: sa kabila ng mga taong lumipas ay nanganganib pa rin ang puso niya kay Zean. At may kutob siyang sa balak niyang paghihiganti ay maaaring siya pa rin ang maging talunan sa huli.

# 3

Katulad ng madalas niyang gawin noon kapag naroon siya sa isla, madaling-araw pa lamang ay nasa dalampasigan na si Joey. Doon niya hihintayin ang pagsikat ng araw.

Bitbit ang lumang gitara na regalo sa kanya ni Yaya Cora noong eighteen pa lamang siya, tinungo niya ang paborito niyang lugar—ang malaking bato. Naupo siya sa ibabaw niyon at nagsimulang itono ang gitara.

Tahimik na tahimik ang paligid. Ang tunog lamang ng mga alon na sumasampa sa dalampasigan at ang mabining ihip ng hangin ang naririnig niya sa paligid.

Paisa-isa na niyang kinakalabit ang kuwerdas ng gitara nang mapansin niyang may mga sinag na ng liwanag na sumisilip sa silangan.

Ang paborito niyang tanawin!

Nagsimula siyang bumuo ng nota sa gitara. Nakalimutan na niya ang mga piyesang alam niyang tugtugin noon.

## *My Jealous Bodyguard - Aira Felicity*

---

Nang hindi nakontento sa musikang kanyang nilikha ay kinandong na lamang niya ang lumang gitara at nagsimulang kumanta sa mahinang boses habang nakatutok sa silangan ang mga mata.

Samantala, mula sa di-kalayuan ay matagal nang pinagmamasdan ni Zean ang dalagang nasa ibabaw ng malaking bato. Gising na siya bago pa ito bumaba kaya ang tunog na nilikha ng paglabas nito ay hindi nakaligtas sa pandinig niya.

Sinundan niya ang paglabas ni Joey. Napangiti siya nang makitang nagtungo ito sa malaking bato. Iyon pa rin talaga ang paborito nitong lugar sa isla tulad noon.

*Some things never change...*

Nakangiti pa ring pinagmasdan niya ang ginagawa nito. Nakita niyang tumipa ito sa gitara pagkatapos ay huminto at tumanaw na lamang sa dagat.

Hindi pa rin nagbabago ang prinsesa ni Joseph. Ito pa rin ang Joey na kilala niya noon, napakaganda at mapagtiwala. Alam niyang galit pa rin ito sa kanya dahil sa mga nangyari noon, pero sa kabila ng lahat ay ramdam niyang nagtitiwala pa rin ito sa kanya. Kung hindi ay hindi siya nito yayakapin tulad noon. Hindi

ito yayapos at magpapapasan sa kanya, hindi siya nito haharapin habang nakalitaw na ang magandang hubog ng katawan nito sa suot na two-piece bikini.

Tulad ni Joseph, buong-buo pa rin ang tiwala nito sa kanya—kaya naman ibinubuhos niya ang buong lakas para panindigan na karapat-dapat nga siyang pagkatiwalaan—kahit ang totoo ay unti-unti nang bumibigay ang iron control niya.

Who wouldn't, anyway? She was alluring, her face beautiful in a very seductive way. Isang ngiti lang nito, humihinto na ang paghinga niya. And she was every inch a woman. She got perfect curves at the right places and... and she was soft. Naramdaman niya iyon nang niyakap siya nito sa batuhan at nang sinagip niya ito sa pool nang nagdaang gabi. And her scent...

Mariin siyang pumikit at hinagod ang batok, parang amoy ng pang-umagang hangin na ito, tangay ang mabangong amoy ng mga bagong sibol na bulaklak.

“Josephine...” naiusal niya at mariing ipinilig ang ulo para iwaglit ang mga naiisip. Kung magagawa lamang ni Zean na tanggihan si Joseph ay hindi na sana siya nagbalik-Pilipinas. Pero hindi. Tinanggap na niya sa sariling habambuhay na niyang pagbibigyan



ang anumang pakiusap ng ginoo.

Malalim ang pagkakautang niya sa ama ni Joey. Hindi iyon maaaring bayaran ng salapi. At idagdag pang ibinilin ng kanyang yumaong ama na pagbigyan niya ang anumang pakiusap nito. At ang pinakamabigat na dahilan—mahal niya si Joseph na parang tunay niyang ama.

Nagtamo siya noon ng malalang pinsala matapos ang mapanganib na assignment ng grupo nila sa Iraq. He was a former US soldier, war jetplane pilot siya. Nang malaman ng Filipina niyang ina ang nangyari sa kanya ay inatake ito sa puso.

Nang magkamalay si Zean pagkatapos ng tatlong araw na comatose condition ay nagisnan niya si Joseph at ang kanyang Amerikanong ama na isang retired military officer. Nakiusap ang papa niya na iwan na niya ang mapanganib na trabaho sa *US Air Force* para matahimik na ang kanyang ina.

Nang mag-atubili siya at akmang tatanggi ay tinutukan siya ni Joseph ng baril sa dibdib, ito na raw mismo ang papatay sa kanya.

Sa kabila ng hapdi ng mga sariwa pang sugat ay natawa siya sa ginawa nito. Nagagalak siyang dahil kung pagmalasakitan siya nito ay para na rin

siyang tunay na anak. Matalik na kaibigan si Joseph ng kanyang ama.

Gabi bago ang trahedyang pumatay kapwa sa mga magulang niya noon ay nagkausap sila nang masinsinan ng ama niya. Nabanggit nito na kung anuman daw ang kailanganin ni Joseph ay tulungan niya ito. Nang gulantangin siya ng balitang napasama sa mga nasawi sa plane crash ang mga magulang niya ay saka lamang niya napagtanto na naghahabilin na ang ama.

Sa ilang araw na halos wala si Zean sa katinuan habang nakaburol ang mga magulang. Si Joseph ang umalalay sa kanya. Inaasikaso nito ang ilang branches ng mga negosyo nito kaya nasa Sacramento, California ito nang mga panahong iyon.

Ipinagpaliban nito ang pagbabalik-Pilipinas para samahan siya sa pagluluksa. At sa maraming gabing tulala pa rin siya matapos mailibing ang mga magulang ay nasa tabi niya ito. Kahit wala itong sinasabi, naramdaman niyang naroon ito para sa kanya. At may sinabi ito noon na nakatulong sa kanya para magpatuloy at muling harapin ang buhay.

*“Alam mo ba, Zean, kinaiinggitan ko ang ama mo dahil nagkaroon siya ng isang anak na katulad mo. You’re the son I never had...”* Niyakap siya nito,

hinagud-hagod ang likod niya habang tahimik siyang umiiyak. *“There’s life ahead, son...”*

Nang mga sandaling iyon ay naramdaman niyang hindi pala siya nag-iisa.

Hindi siya nagdalawang-isip na sumama rito nang ayain siyang bumalik ng Pilipinas. Na-miss ni Zean ang kinalakhang bansa. Dito siya nagtapos ng elementarya bago lumipad ng Amerika ang buong pamilya niya.

At sa pagsama niyang iyon sa lalaki, nakilala niya ang nag-iisang prinsesa nito na madalas bukambibig nito sa ama niya noon. At nang unang magtama ang mga mata nila sa garden ng villa, nahulaan na niyang babaguhin nito ang takbo ng buhay niya.

And he was right.

Nagulat na itinuon niyang muli kay Joey ang mga mata nang marinig ang sigaw nito. Tatakbuhin na sana niya ito para saklolohan nang makita niyang nakalahad ang mga braso nito sa ere habang nakatayo sa ibabaw ng malaking bato.

Binabati pala nito ang araw na noon ay sumisilip na.

“I am the princess of this island!” narinig niyang

muling isinigaw nito, nakalahad pa rin sa ere ang mga braso. “And I am prettier than Venus! Sexier than Aphrodite, yes! So, good morning life!” Tinawanan nito ang sarili; mayamaya ay luminga-linga na para bang nag-aalalang baka may nakakita sa ginawa nito.

Naaaliw na lumapad ang ngiti ni Zean.

---

Napahiyaw si Joey sa gulat nang bigla na lamang may tumalon sa tabi niya. Nasapo ang dibdib na bumaling siya sa lalaking ngayon nakaupo na sa malaking bato.

“Para kang pusa, Zean!” komento niya. “Nakakalapit ka nang walang ingay.”

“Ang aga mong nasa labas,” sabi nito. “Kanina pa ako sa paligid. Nakita kong sumisigaw ka ng orasyon kanina.”

Napasinghap siya. Tumawa ito pero dagli ring pumormal.

“Ang dami kong sinabi, eh,” aniyang napapangiti nang maalala ang ginagawa niya kanina. “Alin sa mga iyon ang narinig mo?”

“Lahat yata...”

“Hindi nga?” Natatawa na si Joey. “Narinig mo talaga?”

“Yup!”

Nag-init ang mga pisngi niya. “O, eh, ano? Totoo naman!” depensa na lamang niya para pagtakpan ang hiya. Sigurado siyang baliw ang tingin sa kanya ng binata kanina.

“That you’re prettier than Venus? And sexier than Aphrodite?”

“Narinig mo nga!” bulalas niyang pinamulahan na ng mukha. Hinampas niya ito sa balikat. “Bakit ka ba kasi sunod nang sunod!” Itinutulak na niya ito para mahulog sa bato.

Tumatawa lamang si Zean habang pinipigilan ang mga kamay niya. “Mahuhulog ako, Joey!”

Hindi niya ito pinansin. Iyon talaga ang balak niya, ang ihulog ito.

“Hey, stop!” Napahiyaw ang lalaki nang bumagsak sa buhanginan. Tinawanan niya ito. Sapo-sapo nito ang nasaktang balakang nang tumayo. “Sadista ka, Joey!” akusa nitong tinugon niya lamang ng tawa.

Akala niya, wala itong gagawin nang lumapit muli sa bato. Hindi niya inaasahang hihilahin siya

nito. Napahiyaw si Joey—pero sinalo rin siya nito para hindi siya bumagsak sa buhangin. Subalit mas malala ang ginawa ng binata. Tinakbo nito ang dagat at inihagis siya sa tubig saka ito patakpong lumayo habang tumatawa.

Kaagad siyang umahon para habulin ito. Naghahabulan na sila sa dalampasigan nang sumunod na mga sandali. Sa huli ay siya pa rin ang napikon dahil tuwing maaabutan niya si Zean ay papangkuhin lamang siya para muling ihagis sa tubig. Wala siyang laban sa lakas ng lalaki.

Nagtapos silang tinatawanan siya nito habang pabalik na ito sa villa.

---

Kaagad niyang hinampas ng dala niyang unan si Zean matapos siya nitong pagbuksan ng pinto. Nakabihis na si Joey nang mga sandaling iyon, pero hindi pa siya bumaba para mag-almusal dahil gusto muna niyang gumanti sa magaling na lalaki.

Narinig niya ang pagtawa nito mula sa loob ng silid kaya lalo siyang nanggigil. Marahas niyang itinulak ang pinto at nagsunud-sunod ang hampas niya rito. Tumatawa lamang ang bodyguard na tila aliw na aliw pa sa nakikitang galit niya.

“Trespassing ka, Joey!” angal nito habang patuloy sa pagsalag sa bawat hampas niya.

“Trespassing your face!” At muli niya itong hinampas nang sunud-sunod. Sa huli ay nagawa nitong agawin ang unan na hawak niya. Siya naman ang hinampas nito, pero ramdam niyang wala itong intensyong saktan siya. Nang akmang dadampot siya ng unan mula sa kama nito ay kaagad siya nitong hinila. Bago pa siya nakahuma ay paharap na siyang idinikit nito sa dingding at sunud-sunod ang palo sa pang-upo niya gamit ang unan.

“Zean!” Namamasa na ang mga mata niya sa inis nang sa wakas ay tumigil ito.

Sinugod niya ito nang pawalan siya. Hindi na ito lumaban. Tumatawang tinanggap na lamang nito ang bawat hampas niya sa dibdib nito na para bang pinagbigyan na lamang siyang gumanti. Papahina ang mga hampas ni Joey. At nang wala na siyang lakas ay sumandal siya sa katawan nito. Niyakap siya ni Zean nang magaan na tila inaalo siya. Wala sa sariling ipinikit niya ang mga mata. Bakit ba hanggang ngayon ay iba pa rin ang pakiramdam niya sa simpleng yakap ni Zean?

At ang init na nagmumula sa katawan nito ay naghahatid din ng masarap na pakiramdam sa kanya.

“Zean...” wala sa sariling naibulong niya at nagangat ng tingin dito. Eksakto namang niyuko siya nito. Nang ngumiti ito ay hindi na niya alam kung ano ang nag-udyok sa kanya, itinaas niya ang mukha at hinagkan ito sa labi.

Pakiramdam ng dalaga ay binuhusan siya ng nagyeyelong tubig nang hindi man lang ito tuminag. Parang isang tuod ang hinagkan niya. Tuod na soft ang lips, tuod na hanggang ngayon ay masarap pa ring hagkan kahit hindi tumutugon.

Awa ang naramdaman niya sa sarili nang walang salita niyang damputin ang dala niyang unan at tahimik na lumabas ng silid nito.

Napaiyak siya nang naroon na siya sa kanyang silid. Ang sama ng pakiramdam niya. Lagi na lang ba siyang talunan pagdating kay Zean?

Napahikbi si Joey. Wala rin palang epekto ang mga ginawa niyang panunukso rito.

Maghapon siyang hindi lumabas ng silid nang araw na iyon. Nagpahatid na lamang siya ng pagkain sa kawaksi. Pagkain na halos hindi niya naman ginalaw.

Pagsapit ng gabi kung saan tulog na ang lahat ay saka siya nagpasyang lumabas—upang mapasinghap



*My Jealous Bodyguard - Aira Felicity*

---

lamang nang pagbukas niya ng pinto ay mabungaran niya ang bulto ni Zean.

# 4

“Zean!” bulalas niyang hindi napigilan ang panlalaki ng mga mata. Awtomatiko ang pag-urong niya ng isang hakbang. Hindi ito nag-react, basta na lamang pumasok at walang tunog na isinara ang pinto niya. Narinig pa niya ang tunog nang ibaba nito ang lock.

“A-ano’ng... ano’ng kailangan mo?” nauutal niyang tanong. Tensyon kaagad ang sumakop sa kanya. At sa presence lamang nito sa silid ay tila hindi na siya makahinga.

Sumandal ang lalaki sa dahon ng pinto at tahimik siyang hinagod ng tingin. “Hindi ako makatulog,” kaswal na sabi nito. “Kasalanan mo, Joey,” akusa nitong nagpakurap sa kanya.

“A-ano’ng ginawa ko?” walang maintindihang susog niya.

Sa halip na sumagot ay bigla siya nitong hinila palapit. Niyapos siya nito sa baywang saka siniil ng halik sa labi.

Pakiramdam ni Joey ay huminto ang pagtibok ng puso niya nang buong-buo nitong angkinin ang mga labi niya at ipalaspas sa kanya ang isang totoong halik.

A kiss that spoke of who he really was—a real man.

At iyon ang halik na noon pa man ay inaasam na niya.

Nanghihina si Joey nang pawalan siya nito. Para siyang lumutang sa kung saan at hindi pa nakakatuntong muli sa lupa.

“Zean...”

Hindi ito umimik, inilapat lamang ang noo sa noo niya nang ilang segundo habang binabawi nila kapwa ang paghinga. At nang pareho na silang panatag ay hinapit nito ang baywang niya at hinagkan siya nang mariin sa ulo bago siya iglap na pinawalan. “Matulog na ka na,” anito at pumihit na patungo sa pinto.

Tinawag niya ito at ang pagpihit nito para lumingon sa kanya ay sinalubong niya ng yakap. Hindi na niya binigyan pa ng pagkakataong magsalita ang binata, hinagkan na niya ito sa labi.

He groaned as if in pain. Niyapos nito ang baywang niya at namalayan na lamang niyang siya na ang nakasandal sa pintong sana ay bubuksan nito. Tinugon nito ng maalab na halik ang halik na ibinibigay niya.

“Josephine...” anas nito nang bahagyang

dumistansya, pero muli ring idinampi ang mga labi sa kanyang bibig na kaagad niyang tinugon.

When they finally stopped, she was defenseless. Nakahilig na lamang siya sa dibdib nito habang si Zean ay hinahagud-hagod ang buhok niya.

Matagal nang lumapat ang pintong nilabasan nito ay nanatili siyang tulala habang nakasandal sa mahabang sandaling lumipas.

---

Kinabukasan nang magtungo siya sa paborito niyang lugar sa dalampasigan ay inabutan niyang naroon din si Zean. Ngumiti ito nang makita siya. Napansin niyang tangan nito ang isang tasa.

“Coffee ’yan?” usisa ni Joey at akmang kukunin ang tinutukoy.

“Akin ’to,” tanggi nito at inilayo sa kanya ang tasa. “Get yours.” Itinuro ang isang tray na noon niya lamang napansin na nasa buhanginan. Isang baso ng gatas na umuusok pa ang naroon at may kasamang ilang piraso ng cookies at bagong init na tinapay katabi ang butter.

Nasisiyahang tinabihan niya ang tray. Sunud-sunod ang subo niya ng cookies. “Freshly baked, ah?”

“Kanina ko lang ginawa,” kaswal na sagot nito.

Namilog ang mga mata ni Joey, hindi makapaniwala. “Nagbe-bake ka?”

“Dahil ba mukha akong marahas kaya hindi ka makapaniwalang marunong akong mag-bake?”

“Hindi naman,” aniya habang sarap na sarap sa cookies. “Masyado ka lang malaking tao para mag-bake.” Ngumisi siya.

Napapailing na tumawa si Zean. Lumapit ito sa kanya at umupo sa tabi niya. Inabutan niya ito ng tinapay na nilagyan niya ng butter. Kaagad nitong inabot iyon at itinuloy sa bibig.

“Alam kong dito ka pupunta kaya inunahan na kita.”

Ngumiti lamang siya.

Mayamaya ay tahimik na sila pareho habang humihigop ng kani-kanyang inumin at nakatanaw sa tahimik na dagat.

Nang masaid niya ang gatas ay umisod siya sa likuran nito. Tahimik niya itong niyapos. Bumaling ito at masuyong idinampi ang labi sa sentido niya bago ibinalik sa dagat ang mga mata.

Hindi na siya umimik. Pinakiramdaman na lamang niya ang kakaibang kasiyahan na pumupuno sa dibdib niya.

“Doon tayo sa bato,” mayamaya ay sabi ng binata.

Nakatayo na ito at isinama siya. Bago pa man siya nakapagprotesta ay binuhat na siya nito. Pinaupo siya nito sa bato bago umakyat din at pumuwesto sa likuran niya. Nakulong siya sa pagitan ng mga hita ng lalaki.

“Hayan na ang araw,” anito at naramdaman niyang may ginagawa ito sa mahaba niyang buhok.

“Ano’ng ginagawa mo?” usisa niya.

“Ang natatandaan ko noon, madalas nakatirintas ang buhok mo.”

Natatawang hinayaan na lamang niya si Zean sa gustong gawin. Nang matapos ay sapilitan nitong ibinaling ang mukha niya at pinakatitigan siya.

“Prettier than Venus!” bulalas nitong ikinatawa ni Joey. Hinampas niya ito sa dibdib.

Tumawa si Zean. “Sexier than Aphrodite!” dugtong pa nitong tumatawa. “Ang kapal po ng mukha niya!” Humalakhak ito.

“Ganoon, ha?” Itinutulak niya ito para ihulog muli mula sa bato.

Tuloy pa rin ang halakhak nito habang sinasalag ang bawat tulak niya. “Enough, okay?” Payakap siya nitong inawat.

Nagpaawat naman ang dalaga. Napangiting sumandal siya sa solidong dibdib nito. Bahagya pa siya nitong binuhat para lalo silang magkalapit. Pareho na silang natahimik nang ganap siya nitong niyakap. Ipinikit na lamang niya ang mga mata.

Niyuko siya ni Zean at nang makita nitong nakapikit siya ay mariing pinisil ang ilong niya. “Bawal ang pumikit, babantayan natin ang pagsilip ng araw kaya tayo narito, di ba?”

“Oo na.” Napilitan siyang magmulat ng mga mata. “Zean?”

“Yeah?” Nakatingin ito sa dagat nang bumaling siya rito.

“Morning kiss ko?”

Huling-huli niya ang pagngiti ng lalaki nang yumuko at ibigay ang hinihingi niya—*isang malalim at mariing halik.* “Good morning.”

Her smile was sweet. She was happy.

Isang tawag mula kay Joseph ang tinanggap ni Zean kinahapunan nang araw na iyon.

“Kumusta ang prinsesa ko, Zean?” kaagad na bungad nito. “Nakapagtataakang hindi niya ako tinatawagan para sa walang katapusan niyang reklamo. At mukhang nakalimutan na rin niyang hindi ikaw ang gusto niyang ‘tail’.”

“She’s okay, Joseph. Mukha namang masaya ang prinsesa mo.” Nakita niya sa isip ang masayang anyo ni Joey. Napangiti siya.

“Good,” anito at narinig niya sa background na para bang dumami ang taong kasama nito. “Tawagan mo ako sakaling may problema, Zean. Ikaw na’ng bahala kay Joey.” Nawala na ito sa kabilang linya.

Ibinaba niya ang receiver at nagtuloy siya sa kanyang silid. Napabuntong-hininga siya. Magagalit kaya si Joseph kapag nalamang may namamagitan sa kanila ng prinsesa nito? Paano na kapag nagalit ito?

He sighed again. Naiipit siya. Bukod sa hindi na rin niya kayang magpanggap na wala siyang pagtingin kay Joey ay nakikita niyang masaya ang dalaga sa nangyayari. Minsan na niya itong nasaktan noon kaya hindi na niya daragdagan pa. Ayaw niya



namang ipagkait dito ang karapatan nitong maging masaya. Makakaya niya kung siya na lamang ang masaktan basta masaya ang dalaga. Ang hindi niya kaya ay ang makitang matamlay ito at walang gana.

Naalala niyang umiyak ito habang sinasabing galit pa rin sa kanya noong sinundo niya ito sa airport. Sa nakita niyang anyo nito, natitiyak niyang nasasaktan pa rin ito dahil sa ginawa niya noon.

But he had no choice. Maging ang sarili niya noon ay hindi buo. Ano ang buhay na ibibigay niya rito kung sakali? At ano na lamang ang iisipin ni Joseph?

Kahit sa langaw ay ayaw nitong padapuan ang nag-iisang anak pagkatapos isang tulad niya lamang na walang pamilya, wala lahat—at pati pagkatao ay hindi buo—ang gugustuhin ni Joey? Nakatitiyak siyang hinding-hindi papayag si Joseph.

Kaya nang umalis si Joey ng bansa ay pinilit niyang ayusin ang buhay niya. Hinarap niya nang buong tapang ang mga sinuong niyang transaksyon. At pinanindigan niya lahat ng kanyang mga naging desisyon.

Buo na siyang muli ngayon at napatunayan niya sa sariling bukod sa pakikipaggiyera ay may kaya rin

siyang gawin. Kasosyo ang isang kaibigan ay itinayo niya ang isang auto services and supplies store, iyon ang pinagkaabalahan niya sa nakalipas na mga taon.

Isang taon pa lamang ay nakita na niya kaagad ang bunga ng mga pagsisikap nila ng partner niya at mga tauhan nila. Nakapag-branch out sila pagkatapos ng isa't kalahating taon. Sa ngayon ay nais nilang ituloy sa Pilipinas ang negosyo dahil nagbabalak na ring manatili sa bansa ang Fil-Am din na kasosyo niya.

Nang tawagan siya ni Joseph ay sinamantala niya ang pagkakataon para pag-aralan ang takbo ng negosyo nila rito sa Pilipinas kung sakali. At siyempre, pinagbigyan niya ang pakiusap nito na roon muna siya sa isla habang naroon si Joey.

Alam niyang sa kanya lamang ipinagkakatiwala ni Joseph ang dalaga nito.

“Zean?”

Nalingunan niya si Joey. Mabagal ang mga hakbang nito palapit sa kanya. Mukhang kaliligo lamang nito base sa anyo. Pinigil niya ang sariling salubungin ito ng halik.

“Tumawag ang papa mo,” imporma niya. “Kinukumusta ka niya.”

Lumungkot ang anyo ni Joey. “Buti naalala pa niyang may anak siya,” turan nito sa mapait na tono. “Lagi na lang siyang busy. Kahit naman noon wala siyang oras sa ’kin, eh.”

“Mahal ka niya,” alo niya. “Hindi mo lang siya naiintindihan, Joey...”

“Oras ang dapat ibinibigay sa taong mahal at pinapahalagahan, Zean. At ’yon ang kulang kay Papa. Hindi ko naman kailangan ng sobra-sobrang pera, eh. Ano’ng gagawin ko roon, hindi ko naman puwedeng kausapin kapag gusto ko ng kausap. Siya ang kailangan ko. Pero ano? Lagi siyang busy at walang oras sa akin kahit noon...” Namasa na ang mga mata nito.

“Halika ka nga,” anyaya ng binata. “Huwag ka nang malungkot, ha?” Magaan niya itong niyakap. Buong tiwalang humilig ito sa dibdib niya at tumugon ng yakap.

Hanggang ngayon pala ay iyon pa rin ang mga sentiments ni Joey. Natatandaan niyang siya ang ‘shoulder to cry on’ ng dalaga noon. Siguro dahil wala itong makausap at dahil siya ang laging nasa tabi nito ay napipilitan na lamang na maglabas ng sama ng loob.

“Mahal ka ng papa mo. Hindi lang sapat ang oras niya para ipakita ’yon, remember that.”

Nang mag-angat ito ng mukha at nakangiti na ay gumaan na ang pakiramdam niya.

Hindi niya talaga gustong makitang malungkot si Joey.

---

Naalala lamang ni Joey na may nobyo siyang naiwan sa States nang matanggap niya ang tawag mula kay Raphael nang gabing iyon.

“How’s my girl?” masiglang bati nito nang tanggapin niya ang tawag. Saglit siyang napipi. Parang taksong nagbalik sa isip niya ang mga eksena mula sa airport hanggang sa mga sandaling ito.

Sa ilang araw na narito na siya sa isla at nakakasama na niyang muli si Zean ay malinaw niyang nakakapa sa dibdib na hindi na niya gustong ituloy pa ang nauna niyang plano na paghigantihan ito.

She loved having him around. Sa kabila ng mga panahong lumipas, ito pa rin talaga ang nag-iisang lalaking may kakayahang magparamdam sa kanya ng malalim na kaligayahan—a certain type of joy that

she could not explain.

Pinagbigyan niya ang sarili. Nagpatangay siya sa nararamdaman. Kinalimutan niyang may ibang lalaki nga pala sa buhay niya at siyang mas may karapatan sa kanya.

Si Raphael Vera, isang binatang may-ari ng jewelry shop na may branch din sa Pilipinas. Nakilala niya ito habang bumibili siya ng bracelet doon. Simpleng-simple lamang ito kaya napagkamalan pa niyang tagabalot ng alahas sa shop. Inabot niya rito ang binili niyang bracelet nang hindi man lang ito tinatapunan ng tingin. Napansin niya kasi na habang namimili siya ay panay ang sunod nito. Inakala niyang gusto siya nitong i-assist.

Kung hindi pa sa pigil na pagtawa ng babaeng una niyang nakausap sa shop, na Filipina rin pala ay hindi niya malalaman ang pagkakamali.

Parang walang anuman na iniabot ni Raphael sa babae ang bracelet na binili niya.

*“Thahanda ko lang ang receipt n’yo, Ma’am,”* magalang na sabi ng babae na nauna nang nakipag-usap sa kanya ng Tagalog pagpasok pa lamang niya. Nakangiti pa rin ito nang mag-excuse sa kanila at umawang ang mga labi niya nang tawagin nitong

‘Sir Raphael’ ang lalaking katabi niya.

Nagsimula sa pagtatagpong iyon ang isang magandang pagkakaibigan. Siguro dahil Filipino rin ito at madalas ay tungkol sa Pilipinas ang topic nila ay madali niyang nakagaan ng loob ang binata. Lalo pa silang nagkalapit nang kumuha ito ng short course sa mismong university na pinapasukan niya.

Then soon, nagtapat na ito ng damdamin sa kanya. Inamin niya ang totoo rito—na hindi pa siya handang pumasok sa isang relasyon dahil sa isang sugat mula sa nakaraan na hindi pa niya nakakalimutan. Hindi siya naglihim dito kaya alam nito ang tungkol kay Zean.

Nang banggitin niya ang pag-uwi niya ng Pilipinas ay tila natuliro si Raphael.

Naawa siya rito. Matagal-tagal na rin ang ipinaghintay nito kaya nang birthday ng binata noong isang buwan lamang ay sinagot na niya ito—para matahimik na rin ang loob nito, at inakala niya rin noon na patay na sa dibdib niya ang damdamin niya para kay Zean.

Ngunit hindi pa pala. Kailangan lamang palang makita niya itong muli para mabuhay ang damdamin niya. Patunay roon ang mga namagitan sa kanila ng

bodyguard niya nitong nakalipas na mga araw. At ngayon niya napagtanto na nagkamali siya sa ginawa niyang pagtanggap sa pag-ibig ni Raphael dahil sa awa.

Mariin niyang naipikit ang mga mata.

“I’m great!” sagot niyang pilit pinasigla ang tono. Hiling niyang sana ay hindi nito napansing pilit lamang ang kasiglahan niya. “Ikaw? Kumusta ka na? Tapos na ang mga seminars mo?”

“Uh-huh! And guess what?” Tila excited na excited ang boses nito. “Next week pa dapat ang pagsunod ko sa ’yo, di ba? I’ve changed my schedules. Masyado na kitang nami-miss kaya naisip kong mas agahan. Nasa tabi mo na ako sa susunod mong paggising, Hon!”

Parang may sumabog na dinamita sa tabi niya nang sandaling iyon. Walang masabing napatulala na lamang siya.